AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 1-2
## Aralin 15

### Pambungad

*Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang galugarin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong “**Apolakus!**” **na isinulat ni Alice Mallari.** Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!*

| Reading for Grades 1 and 2 - Aralin 15 |
|---|
| Book Title: Apolakus! |
| Author: Alice Mallari |
| Source: Buri Books |

Magandang hapon ulit sa lahat! ☀️ Si Teacher Robyn po ulit para sa reading lesson ngayong araw! 📚Ang babasahin po natin ay ang “Apolakus!”✨ ni Ginang Alice Mallari 👩🏽‍🏫

Ang kuwento natin ngayon ay tungkol sa pag-bubully. 🗣️ Alam ba natin ang ibig sabihin ng salitang iyon?🤔 Ang pag-bubully ang tawag kung may nang-aaway sa atin ng wala tayong ginagawa. 😞 Naranasan na ba natin ito? Puwede rin itong tawagin na “pinag-tritripan”, “tinutukso”, o “inaapi.” May nangyari na ba sa atin na ganito? 😞

O may na-bully, away, tripan, tinukso, o naapi na ba tayo? 🤔

Sa kuwento natin, makikilala natin si Dadoy. 👦🏽 Isang bata na, gamit ang kanyang imahenasyon, ay nag-anyong madyikero para labanan si Jay-Jay at Yuki na kumukuha sa baon niya araw-araw. 🍱

🙏🏽 **PANGAKO PARA SA ARALING ITO**
Pero bago tayo mag-simula, balik muna nating ating promises sa pagbabasa! ☺
(1) dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng story 📣

(2) dadamdamin at sisikaping intindihin ang kuwento at, 🤓
(3) 'wag matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

💬 **TALASALITAAN**
Alahanin rin natin ang mga susunod na salita na baka hindi pamilyar sa atin:

**(1) Namamalikmata (Malikmata)**
**(2) Sangkaterba**
**(3) Kumpas**
**(4) Binhing (Binhi)**
**(5) Nanumbalik (Numbalik)**

Sige, start na po tayo! 💪🏽💪🏽😊

--

📚 **APOKALUS! NI ALICE MALLARI**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

PART 1 - Ang introduksyon sa ating Madyikero, at pagkawala ni Dadoy!

• Isang Lunes ng umaga, hindi mahanap-hanap ang batang si Dadoy. Sa halip, may isang batang sumulpot at nagpakilala. "Isa po akong madyikero!"✨ Sa isip-isip ng mama ni Dadoy na si Aling Amanda: Hmmm, baka namamalikmata lang ako. 👩🏽
• Sangkaterba ang mga gamit ng batang madyikero. May patpat, bato, lata, bolang walang hangin, kappa, at kung ano-ano pa. Mga pampalakas daw ito sa magic power niya. Isa lang ang pakay ng batang madyikero: sugpuin ang mga kalaban. 🤼‍♀

PART 2 - Ang unang sabak ng Madyikero kay Jay-Jay at Yuki!

• "Bitin ang baon ko!" angal ni Jay-Jay, na umaalog ang tatlong baba. "Gusto kong inumin!" sigaw ni Yuki, na parang bagong usbong na palay ang tusok-tusok na buhok. 😡😡
• Magsisimula na ang engkuwentro. Sa isang kumpas ng mahiwagang patpat at isang tumataginting na "Gimokus apolakus!" ✨ pagugulungin niya ang ga-higanteng bola patungo sa mga kalaban. 🏀 Napahagikgik siya, dahil sa tagdan ng bandila ang bagsak ng dalawa. Pero kulang pa 'yon. Magpupulupot siya ng matabang lubid sa mga ito at papaikutin sila nang turumpo! 🧶 Sa hilo, magkakandarapa sila sa paghabol sa kaniya! "Sa wakas, hindi na nila ako malalapitan," bulong niya. 💪🏽

PART 3 - Hala! Ba't hindi gumagana ang madyik?

• "Astig ang baon mo, a. Bukas ulit, ha," tuya ni Yuki sabay pitik sa nanlalamig niyang

tainga. 😏 Ni dulo ng kaniyang hintuturo ay hindi niya maikilos. 😨 Nilulusaw na ng mga kalaban ang kaniyang mga mahiwagang patpat at kapa. 😞
• Maya-maya'y nagsalpukan ang mga tingin ng tatlo. Simbilis ng kidlat na sinunggaban ng dalawa ang kaniyang baunan. 😏😏🍱Gusto man niyang sumigaw, tumiklop ang kaniyang mga labi. 😖 Hindi na gagana ang magic power ko! Hiyaw niya sa sarili. 😩😩😩

PART 4 - Ang tuluyang sikap ng madyikero!

• Tatlong araw na ang nakalipas, hindi pa rin nakababalik si Dadoy. Samantala, panay ang ensayo ng batang madyikero sa harap ng salamin. "Abrakadabrus apolakus!" ✨ Kinumpas-kumpas niya ang kaniyang mga kamay sa hangin. Biglang umentra si Aling Amanda. 👩🏽 "Nasaan na naman ang baunan mo?"🍱 "E..." Napangatngat ng kuko ang batang madyikero. "May naligaw na dalawang gutom na unggoy kahapon sa eskuwelahan. Inagaw po nila ang baunan ko."🙊🙊

PART 5 - Ang pangalawang sabak ng Madyikero kay Jay-Jay at Yuki!

• Kinabukasan, pumasok ang batang madyikero na handa para sa panibagong labanan.✨🤼‍♀️ Sa isang dakot ng mahiwagang pulbos, at isang dumadagundong na "Tendegus apolakus!" ✨mapapalitan ng atungan ang mga pagtawa nila. Hindi na sila makakapag-ha-ha-ha-ha, kundi puro hu-hu-hu-hu na lang! 💪🏽 Hindi lang 'yon. Tutubo sa tiyan nila ang mga binhing isiningit niya sa baon niyang tinapay at magluluwa sila ng umuusbong na mga sanga. 🍱 Napapalakpak siya sa tuwa. "Hindi na nila ako makakayang tuksuhin at pagtawanan." ✨💪🏽😎

PART 6 - Bakit hindi pa rin gumagana madyik ko?

• Pero winasak ni Yuki ang eksenang iyon. "Si payatot, o!" bati sa kaniya ni Yuki. Umusok ang ilong ni Dadoy. 😤 "Hoy, kalansay! Ano'ng baon mo ngayon?" Oras na, sabi niya sa sarili. "Ano 'yan?" tatawa-tawang bulalas ni Jay-Jay. 😂 "Pulbos?" Ipinaligo nito ang mahiwagang pulbos sa batang madyikero.😞😞😞 "Ayos, mukhang espasol." Hindi niya mapigilang umiyak nang dumagsa na ang mga batang naghahalakhakan. 😭😭😭

PART 7 - Nalaman na ni Nanay!

• Nang Biyernes ng umaga, halos mamaos si Aling Amanda sa katatawag sa anak. 👩🏽 "Dadoy, tanghali na!" Pero bakit kaya walang sumasagot? Hindi pa rin ba nakakabalik si Dadoy? "O, bakit hindi ka pa bumabangon?"👩🏽 "May sakit po ako," sagot ni Dadoy habang namamaluktot sa kama. 🛌Hinipi ni Aling Amanda ang noo, leeg, at pisngi ni Dadoy. 🌡️ Kabisado niya ang anak, alam niyang nagdadahilan lang ito. "Hindi ka puwedeng mag-absent. Malapit na ang test ninyo.📝 Bakit hindi ka gumamit ng magic power para gumaling ka na?"✨🛌
• "Wala na po akong magic power," mahinang sagot ni Dadoy,🛌 "mas magagaling ang mga kalaban ko. May kapangyarihan po silang mang-agaw ng baon at manukso nang hindi napapagod."😞😞😞

• Tumahimik ang dalawa. Tama nga ang kutob ni Aling Amanda kung bakit may kakaiba kay Dadoy nitong mga nakaraang araw. "Alam mo, Dadoy, hindi mo kailangan ng magic power kapag may kumakalaban sa iyo," malambing na sabi ni Aling Amanda, habang hinahagod ang likod ng anak. "May alam akong mabisang paraan para masolusyonan 'yan."

PART 8 - Ang madyik ni Nanay!

• Nang umagang iyon, inihatid ng kaniyang mama si Dadoy sa eskuwelahan. Kinausap ni Aling Amanda ang guro ni Dadoy tungkol sa mga batang gumugulo sa kaniyang anak. Nangako ang guro na ipaaalam niya iyon sa kanilang guidance counselor.

PART 9 - Paghihiganti?

• Nang oras na ng recess, nilusob ni Dadoy ang silid-aralan nina Jay-Jay at Yuki. "Pandagdag ninyo ito sa baon ninyo. Kami ng Mama ko ang naghanda niyan," ngiti ni Dadoy. Sumabad ang guro ng dalawa. "Ang bait naman ng kaibigan ninyo. O, Jay-Jay at Yuki, ano'ng dapat ninyong sabihin?"
• Namula ang mukha nina Jay-Jay at Yuki sa hiya. Napatingin sa kanilang mga sapatos at napilitang magduweto. "Sa...salamat."

• Salamat ang sagot ng dalawa nang kinumbida sila sa kaarawan ni Dadoy. Salamat din ang sagot nila nang nakatanggap sila ng tig-isang kuting. Parang nagkaroon ng magic power ang salitang iyon. Dahil unti-unti nang nanumbalik sa dati si Dadoy. At naging magkakalaro pa ang tatlo. Ayon naman kay Aling Amanda, hindi na raw ulit nagpakita ang batang madyikero.

--

✏️ **GAWAIN**
Balikan natin ang ating kuwento!

🔎 Bakit kaya naisip ni Dadoy na mag-mistulang madyikero para malutas ang problema niya kay Jay-Jay at Yuki?

🔎 Sa tingin niyo, bakit kinukuha ni Jay-Jay at Yuki ang baon ni Dadoy?

✔️🙏🏽 **PAGTATAPOS**
Naging magkaibigan na si Dadoy, Jay-Jay, at Yuki nang nagpakita si Dadoy ng kabaitan sa kanilang dalawa, at kanilang tinanggap ito gamit ang magic word na "Salamat." Pag-tayo pinapakitaan ng bait, tayo'y nagpapasalamat, tulad ni Jay-Jat at Yuki? Pag-tayo ba ay sinasaktan, kaya ba nating magpakita ng bait?

May parte ba ng lesson na nahirapan kayo? O may gusto ba kayong ma-share na sagot sa grupo natin? Message lang kayo sa grupo, o message niyo si Teacher ❤

--

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.